

Sertipikasyon ng tagapagpatupad ng batas sa U-Visa o T-Visa

Nangangako ang Seattle Police Department na poprotektahan at paglilingkuran ang lahat ng biktima ng krimen, kahit ano pa ang citizenship status, dokumentasyon o kakayahan sa wika. May patakataran ang Seattle Police Department na protektahan ang access ng mga imigrante sa proteksyon ng pulisya at mga serbisyong pampubliko.

Ang U-Visa ay isang temporaryong visa na nagpapahintulot ng proteksyon sa imigrasyon para sa mga biktima ng mga kwalipikadong krimen na tumutulong sa pagpapatupad ng batas sa pagtuklas, pag-iimbestiga o paglilitis ng kriminal na gawain. Nagbibigay ang mga T-Visa ng mga benepisyo sa imigrasyon sa mga biktima ng trafficking.

Kailangang kasama sa kumpletong aplikasyon para sa U-Visa o T-Visa ang nalagdaang form ng sertipikasyon ng tagapagpatupad ng batas (Form I-918B) mula sa isang ahensiya na nagpapatupad ng batas kung saan naganap ang krimen. Kinukumpirma ng form ng sertipikasyong ito ang pakikipagtulungan ng biktima sa pag-iimbestiga ng tagapagpatupad ng batas. Kung walang sertipikasyon ng tagapagpatupad ng batas, hindi aaprubahan ang U-Visa.

Kung naganap ang (mga) insidente sa loob ng lungsod ng Seattle, maaaring isumite ng mga aplikante ang kanilang nakumpletong mga dokumento ng I-918 para sa sertipikasyon sa Seattle Police Department. Hindi nagkaloob o naggagarantiya ang Seattle Police Department ng U visa o iba pang immigration status sa paglagda ng sertipikasyon ng tagapagpatupad ng batas. Tanging ang USCIS (ang pederal na bahagi ng DHS na may tungkuling mag-apruba o hindi mag-apruba ng mga benepisyo sa imigrasyon at immigration status) ang maaaring magkaloob o hindi magkaloob ng U visa matapos ang ganap na pagsusuri sa petisyon.

Alinsunod sa [SHB 1022](#), dapat tugunan ng Seattle Police Department ang mga kahilingan ng biktima para sa mga form ng sertipikasyon ng tagapagpatupad ng batas para sa mga U at T Visa:

- Matapos ang matagumpay na pagpapatunay, dapat kumpletuhin at lagdaan ng Seattle Police Department (SPD) ang sertipikasyon ng tagapagpatupad ng batas, kabilang, kung naaangkop, ang mga partikular na detalye hinggil sa uri ng krimen na inimbestigahan at detalyadong paglalarawan sa pakikipagtulungan ng biktima o malamang na pakikipagtulungan sa imbestigasyon ng kriminal na gawain.
- Dapat iproseso ng SPD ang sertipikasyon sa loob ng siyamnapung araw matapos matanggap ang kahilingan, maliban kung ang biktima ay nasa federal immigration 5 removal proceedings, kung gayon, gagawin ng SPD ang sertipikasyon nang hindi lalampas sa labing-apat na araw matapos matanggap ang kahilingan.
- Hindi dapat isiwalat ng SPD ang impormasyong makakatukoy ng pagkakakilanlan, o impormasyon kaugnay sa citizenship o immigration status ng sinumang biktima ng kriminal na gawain o trafficking na humihingi ng sertipikasyon.

Para sa karagdagang impormasyon sa proseso at mga form, mangyaring bisitahin ang <http://www.uscis.gov/i-918>

Ipadala ang [mga kahilingan](#) sa sumusunod na address:

Seattle Police Department
Attn: Legal Unit
610 5th Ave, PO Box 34986
Seattle, WA 98124
Email: SPD_LegalUnit_UVisa@seattle.gov

Sa sandaling matanggap ng SPD Legal Unit ang mga papeles ng inyong aplikasyon, padadalhan kayo ng SPD Legal Unit ng sulat na 1) kumukumpirma na natanggap ng Departamento ang mga papeles ng inyong aplikasyon at 2) magbibigay sa inyo ng tinatantiyang petsa ng pagtugon.

Mayroon ba kayong mga tanong? Kontakin ang SPD Legal Unit sa 206-233-0053

Para sa tulong sa proseso ng aplikasyon para sa U-Visa o T-Visa, kontakin ang Northwest Immigrant Rights Project. <https://www.nwirp.org/get-help/>.